

TUNTUNIN SA LINGGUWISTIKONG ETNOGRAPIYA NG FILIPINAS

1. Bukás ang grant sa indibidwal o grupo ng mananaliksik, o sa institusyon na nagnanais magsagawa ng pag-aaral sa mga katutubong wika ng Filipinas na nasusulat sa Filipino, maliban sa mga empleado at opisyal ng KWF.

2. Etnograpiya ang paraan ng pananaliksik na gagamitin upang idokumento ang iba't ibang aspekto ng wika at kultura, gaya sa relihiyon, kalusugan, kabuhayan, pamayanan, pamilya, pamamahala, edukasyon, at panitikan. Para sa kompletong talaan ng mga nais na makuhang datos, tingnan ang *Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Filipinas*.

3. Ang mga aplikante ay kinakailangan taglay ang sumusunod na katangian:

3.1 Indibidwal na mananaliksik

3.1.1. Nakapagsagawa na ng mga pananaliksik sa wika at kultura, limbag o di-limbag.

3.1.2 Mayroong malawak na karanasan sa fildwork.

3.1.3 May kahusayan sa pagsulat gamit ang wikang Filipino.

3.1.4 Mainam bagama't hindi kinakailangan ang pagiging bihasa o maalam sa wikang aaralin o sa lingua franca ng probinsiya o rehiyon ng pananaliksik

3.2 Institusyon

3.2.1 Inaasahang taglay ng punong mananaliksik ang mga kalipikasyon na hinihingi sa indibidwal na mananaliksik.

3.2.2 Dapat isang non-stock, non-profit na may katunayan na maaari silang bigyan o maghawak ng pondo mula sa gobyerno.

4. Ang mga aplikante ay dapat na magsumite ng sumusunod:

4.1 Pormularyo ng aplikasyon

4.2 Katibayan ng kahusayan sa pananaliksik (e.g rekomendasyon mula sa institusyon, sertipiko ng pagkakalimbag, sertipiko ng pagkilala sa pagbasa ng saliksik, atpb.)

4.3 Abstrak ng mga naisulat/naisagawang pananaliksik

4.4 NBI Clearance

4.5 Medical Certificate na ang aplikante ay may kakayahan magsagawa ng fildwork.

4.6 Income Tax Return ng nakaraang taon

4.7 Kopya ng Statement of Assets, Liabilities, and Networth

4.8 Panukalang proyekto para sa wika o mga wikang sasaliksikin. Tingnan ang pormularyo sa panukalang proyekto.

5. Ang huling araw ng pagsusumite ay sa **31 Enero 2018**. Ipadala sa kwf.ssg@gmail.com o sa opisina ng KWF sa adres na:

Lupon sa Lingguwistikong Etnograpiya
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila

6. Ihaharap ng mga napiling aplikante ang kanilang panukalang proyekto sa isang panel ng KWF sa loob ng unang dalawang linggo ng Pebrero 2018.

7. Hindi bababa sa PHP100,000 ang ibibigay na grant, at inaasahang masasaklaw nito ang lahat ng gastusin para sa saliksik, kasama na ang paghingi ng pahintulot sa komunidad ng mga katutubong pangkat (batay sa pamantayan ng NCIP), pagsasagawa ng fieldwork, token para sa mga informant at komunidad, allowance at suweldo ng mga mananaliksik, atbp gastusin.

8. Ang saliksik ay dapat matapos sa o bago ang Oktubre 2018.

9. Para sa karagdagang tanong o detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Lupon sa Lingguwistikong Etnograpiya
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 243-9855
Email: kwf.ssg@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

Mga Link: Gabay sa Lingguwistikong Etnograpiya ng Filipinas, Pormularyo sa Panukalang Proyekto, Pormularyo sa Aplikasyon